


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

Zest for Progress
Zeal of Partnership

# 4

# MAPEH - ARTS

## Ikatlong Markahan – Modyul 2:
## Paglilimbag



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________



# Alamin

Binabati kita! Ang manwal na ito ay isang bahagi ng isang Learning Kit na kung saan ay isang mapagkukunan na binibigay sa mga mag-aaral at guro upang maging kaakit-akit ang paghahanda ng pagkain sa hapagkainan. Ang modyul ay tungkol sa: Paglilimbag.

- Nakalilikha ng isang relief master o hugis gamit ang mga proseso ng pagdaragdag at pagbabawas (A4PR-3eIII)
- Nakalilikha ng isang simple, kawili-wili at nakaayos na mga relief prints na gamit ang disenyong gawa sa luwad. (A4PR-IIIf)
- Nakalilimbag ng disenyong ng may sapat na kakayahan sa pagbuo ng isang malinis at particular na design motif (paulit-ulit at pasalit-salit) (A4PR-IIIg)
- Nakabubuo ng relief mold gamit ang sumusunod na kagamitan " matigas na kutson, mga hugis ng karton na nakadikit sa kahoy, tali at butones, lumang turnilyo at mga bahagi ng metal na nakadikit sa karton." (A4PR-IIIi)



# Subukin


Panuto: Hanapin ang tamang sagot sa Hanay B at isulat ang titik sa patlang na nasa Hanay A bago ang bilang.

| A | B |
|---|---|
| ___1. Makakagawa tayo ng mga palayok at mga paso na malaking negosyo at mahalagang produkto. | A. Relief Master o Mold |
| | B. Disenyong gawa sa luwad |
| ___2. Ang pag-uulit-ulit at pagsasalit-salit ng hugis at kulay na naipapakita ay _____________. | C. Relief Prints sa kamiseta |
| ___3. Ito ay isang Gawain na pangsining na nagagawa sa pamamagitan ng luwad o clay bilang kagamitang pantahanan tulad ng pinggan | D. Contrast |
| | E. Pagpinta gamit ang brush |
| ___4. Ito ay isa sa mga Gawain pansining na magagawa sa pamamagitan ng Pag-iwan ng bakas ng isang Kinulayang bagay | |
| ___5. Paglilimbag nang paulit-ulit At sa;it-salit upang lumabas ang Magandang likhang sining. | |



# Balikan

Panuto: Pagtambalin ang larawan sa Hanay A sa uri ng disenyo na makikita sa Hanay B.

| A | B |
| --- | --- |
| 1.  | A. Disenyong Etnikong Motif |
| **2.**  | **B. Disenyong Panggilid** |


**Picture illustrated by: Azrheen H. Asakil, Dec. 21, 2020**



# Tuklasin

**<u>Pagbuo ng Makasining na Dibuho Gamit ang Relief Master o Mold</u>**

Likas sa mga Pilipino ang pagiging malikhain. Naipamamalas ito sa mga disenyo ng kanilang mga kagamitan, sa mga hugis at maging mga kulay nito. Ang ating kaisipan at damdamin ay maaaring ipahayag sa pamamagitan ng paglilimbag . pag-aralan ang larawan sa ibaba.



**Picture illustrated by: Azrheen H. Asakil, Dec. 21, 2020**

## Relief Prints mula sa Disenyong Luwad

Saan mang lalawigan ay maraming luwad (plastic clay). Maraming bagay ang maaari nating likhain na simple at kakaiba mula sa luwad. Makakagawa tayo ng mga palayok at mga paso na malaking Negosyo at mahalagang produkto sa ilang mga lugar sa bansa maging sa pagpapatagal o pagpressure ng pagkain at pagpapatuyo, ginagamit pa rin ang luwad.

Mula pa rin dito, makakagawa tayo ng relief na binubuo ng disenyong inuulit-ulit at disenyong salit-salit.



https://www.google.reliefprints/clay.com.ph

## Paggawa ng Relief Mold

Ang paglilimbag ay isa sa mga gawaing pansining na magagawa sa pamamagitan ng pag-iwan ng bakas ng isang kinulayang bagay. Ang paglilimbag na ito ay tinatawag ding relief mold. Ang relief mold ay maaaring isagawa sa pamamagitan ng iba't-ibang bagay na matatagpuan natin sa ating paligid at sariling pamayanan.

Sa pamamagitan ng kulay, mapayayaman ang ganda ng mga gawaing sining dahil ito ay nagpapakita ng damdamin at imahinasyong gumagawa.



https://www.google.reliefmolds.com.ph



# Suriin

Sa pamamagitan ng pag-uulit-ulit ng mga hugis at kulay, naipakikita natin ang contrast at nakabubuo tayo ng disenyo na nagpapakita ng ating pagiging malikhain.

Ang mga bagay na makikita sa paligid (found objects) ay maaaring gamitin bilang relief mold sa paglilimbag ng kawili-wiling disenyo.



# Pagyamanin

Panuto: Bumuo ng isang makasining na dibuho gamit ang relief master o mold. Gamitin ang rubriks upang maging gabay sa pagsasanay.

**Pagbuo ng makasining na dibuho gamit ang relief master o mold.**
Kagamitan: Iba't-ibang gamit na karton o lumang folder, acrylic paint, gunting, glue o paste, lapis, kutsara, at lumang dyaryo.

Mga Hakbang Sa Paggawa:

1. Takpan ng lumang dyaryo ang ibabaw ng mesa o lugar na gawaan upang hindi ito marumihan.
2. Kunin ang dalang karton na maaaring cardboard na nasa likod ng iyong papel o kaya takip ng kahon ng sapatos o iba pang uri ng kahon.
3. Gumuhit ng isang disenyong pangkat-etniko na ginamitan ng contrast sa karton.
4. Gupitin ang bahaging disenyong ito at ayusin sa ibabaw ng isa pang karton.
5. Idikit ang iba't ibang piraso na magsisilbing bloke.
6. Gamitin ang acryluic paint upang malagyan ng kulay angb dibuhong iyong ginawa. Maaari ring gunmamit ng mga kulay ng nagpapakita ng contrast.
7. Ilagay ang papel sa ibabaw ng bloke.
8. Gumamit ng kutsara upang ilapat ang papel sa bloke hanggang sa mailipat nang pantay ang disenyo.
9. Dahan-dahang tanggalin ang papel.
10. Lagyan ng pamagat ang iyong ginawang dibuho.

**Rubriks**

**Panuto**: Lagyan ng tsek ( ⁄ ) ang hanay ayon sa antas ng iyong naisagawa.

| PAMANTAYAN | Nakasunod sa pamantayan ng higit sa inaasahan (3) | Nakasunod sa pamantayan subalit may ilang pagkukulang (2) | Hindi nakasunod sa pamantayan (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakabuo ako ng disenyo sa pamamagitan ng paglilimbag. | | | |
| 2. Nakasunod ako sa pamamaraang itinakda. | | | |
| 3. Naipakita ko ang pagiging malikhain sa paggamit ng contrast ng mga hugis at kulay. | | | |
| 4. Nakatapos ako ng gawaing-sining sa takdang oras. | | | |
| 5. Nakasunod ako sa pamantayang pangkaligtasan sa paggawa ng likhang sining. | | | |



# Isaisip

**Panuto:** Ano ang natutunan mo sa araling ito? Isulat ang iyong sagot sa mga linya sa ibaba.

______________________________________________________
______________________________________________________
______________________________________________________
_____________________________________________.



# Isagawa

Panuto: Gumawa ng relief prints mula sa disenyong gawa sa luwad. Sundin lamang ang mga hakbang sa paggawa. Gawing basehan ang rubriks sa ibaba para sa pagbibigay ng iskor.

**Paggawa ng Relief Prints sa Kamiseta**

Kagamitan: Luwad (plastic clay), acrylic paint, gamit na puting kamiseta.

Mga hakbang sa paggawa.

Gawaing A

1. Takpang ng lumang diyaryo ang mesang gawaan.
2. Ilabas ang dalang luwad.
3. Pagulungin o diinan sa mesa ang luwad upang lumambot.
4. Gumawa ng disenyong may iba't ibang hugis.
5. Siguraduhin na ang bahaging ididiin sa papel o materyales na paglagyan ng disenyo ay pantay.
6. Patuyuin ito para magamit sa relief printing.

Gawaing B

1. Kulayan/pintahan ang nabuong disenyong relief ng matitingkad na kulay. Maaari ring gumamit ng mga kulay at isali't-salit sa mga matitingkad, maputlang/malabnaw na kulay sa pagbuo ng relief prints.
2. Kunin ang dalang putting putting kamiseta.

3. Ilimbag ang disenyo sa relief. Ang disenyo ay ilimbag nang paulit-ulit at salit-salit upang lumabas ang magandang likhang-sining.
4. Maging malikhain sa pagbuo ng disenyo.
5. Patuyuin ang natapos na likhang-sining, lagyan ito ng pamagat, at ipaskil.

**Rubriks**

**Panuto**: Lagyan ng tsek (/) ang kahon na katumbas na naabot mong antas para sa bawat kasanayan.


| PAMANTAYAN | Naisagawa ang obra nang mahusay at higit pa sa inaasahan (3) | Naisagawa ang obra nang mahusay ayon sa inaasahan (2) | Naisagawa ang obra nang mahusay nang may pagkukulang (1) |
|---|---|---|---|
| 1. Nakagawa ako ng isang simple at kakaibang disenyo. | | | |
| 2.Nakapaglimbag ako ng relief na may ritmong inuulit at salit-salit. | | | |
| 3. Gumamit ako ng disenyong-etniko bilang batayan ng sariling disenyo. | | | |
| 4. Nakagawa ako nang nag-iisa | | | |





# Tayahin


**Panuto**: Basahin at unawain nang mabuti ang bawat bilang at buligan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa sumusunod na larawan ang nagpapakita ng may pag-uulit, pagsasalit-salit at radial na ayos.

a. 

b. 

c. 

d. 

**Picture illustrated by: Azrheen H. Asakil, Dec. 21, 2020**

2. Alin sa sumusunod na paglilimbag ang gumagamit ng kutsara upang ilapat ang papel sa bloke hanggang sa mailipat nang pantay ang disenyo?

a. Relief Master o Mold
b.Disenyong gawa sa luwad
c. Disenyo sa Table Mat
d. Disenyong-etnikong Motif

3. Alin sa sumusunod na disenyo ng paglilimbag na ginagamitan ng luwad kung saan ang disenyo ay inilimbag nang paulit-ulit at salit-salit upang lumabas ang magandang likhang sining?

a. Relief Master o Mold
b.Disenyong gawa sa luwad
c. Disenyo sa Table Mat
d. Disenyong-etnikong Motif

4. Bakit kailangan natin gamitin ang mga bagay na makikita sa paligid bilang relief mold?

a. Sapagkat nakakalat lamang ang mga ito.
b. Sapagkat hindi na nakakatulong ang mga ito
c. Sapagkat madali itong gawin at mas mura
d. Sapagkat ang mga ito ay basura lamang

5. Alin sa sumusunod ang HINDI kabilang sa pangkat ng paglilimbag?

a. Relief Mold
b. Relief Prints
c. Mural
d.Boarded Design



## Karagdagang Gawain:

**Panuto:** Base sa inyong natutunan sa modyul na ito, ang natapos mong Gawain ay ilalagay sa isang folder na may mga pamagat.

1. Pagbuo ng makasining na debuho gamit ang Relief Master of Mold.
2. Paggawa ng Relief Prints sa kamiseta.
3. Paggawa ng mga Relief Mold

Isulat sa harapang bahagi ng folder ang sumusunod:

Proyekto
sa
Sining
Quarter 3

Paglilimbag

______________________________
Pamagat

Ipinasa ni:
________________________

Ipapasa kay:
________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. B
2. D
3. E
4. A
5. C

**Balikan**

1. B
2. A

**Pagyamanin**
**(Ibase sa Rubriks)**

**Isagawa:**
**(Ibase sa Rubriks)**

**Tayahin:**

1. C
2. A
3. C
4. C
5. C

**Sanggunian:**

**Musika At Sining 4 Kagamitan ng mag-aaral**
**Pahina 208-231**

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat: Maricris A. Jayson**
**Sherra Mae A. Jalon**
**Editor:**
**Tagasuri:**
**Tagaguhit: Azrheen H. Asakil**
**Tagalapat: Rea Jane L. Anino**
**Tagapamahala:**